



PIVOT 4A

LEARNER'S MATERIAL

EPP (Industrial Arts)

G4



DepEd CALABARZON
Curriculum and Learning Management Division

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
Hindi Ipinagbibili

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitahan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at nirebisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

PIVOT 4A Learner's Material
Ikalawang Edisyon, 2022

EPP

(Industrial Arts)

Ikaapat na Baitang

Job S. Zape, Jr.

PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead

Nina Grace M. Suarez, Mary Jane L. Dave,
Ricky Nor C. Pagarigan & Jeffrey C. Erni

Content Creators & Writers

Virgilio O. Guevarra, Jr. & Jolet S. Macayan

Internal Reviewer & Editor

Fe M. Ong-ongowan & Jeewel L. Cabriga

Layout Artist & Illustrator

John Albert A. Rico & Melanie Mae N. Moreno

Graphic Artist & Cover Designer

Celedonio B. Balderas Jr., Bernadette T. Luna, Gemma G. Cortez,
Leylanie V. Adao, Joel D. Salazar, Rowena S. Lizardo, Laila B. Salazar

Schools Division Office Development Team

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON
Patnugot: **Francis Cesar B. Bringas**

PIVOT 4A CALABARZON IA G4

Gabay sa Paggamit ng PIVOT 4A Learner's Material

Para sa Tagapagpadaloy

Ang modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutuhan ang mga aralin sa asignaturang **EPP (Industrial Arts)**. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinegurong naaayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa ating mga mag-aaral para sa paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag-unlad nila sa pagpapakita ng kakayahang magtiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa sumusunod na mga aralin.

Salamat sa iyo!

Para sa Mag-aaral

Ang modyul na ito ay ginawa bilang sagot sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong mabigyan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi nito. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga gawain sa pagkatuto.
2. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat gawain.
3. Maging tapat sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
4. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
5. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagpadaloy kung tapos nang sagutin ang lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagpadaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong magulang o tagapag-alaga, o sinumang mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami na sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa. Kaya mo ito!

Mga Bahagi ng PIVOT 4A Modyul

	K to 12 Learning Delivery Process	Nilalaman
Panimula (Introduction)	Alamin	Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELC at ninanais na resulta ng pagkatuto para sa araw o linggo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaalaman tungkol sa nilalaman at kasanayang kailangan para sa aralin.
	Suriin	
Pagpapaunlad (Development)	Subukin	Ang bahaging ito ay nagtataglay ng mga aktibidad, gawain at nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral. Ang karamihan sa mga gawain ay umiinog sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC. Layunin nito na makita o matukoy ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan.
	Tuklasin	
	Pagyamanin	
Pakikipagpalihan (Engagement)	Isagawa	Ang bahaging ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga Knowledge Skills, at Attitudes (KSA) upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kaniyang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa Pagpapaunlad o D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/gawain sa buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kaniyang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga kasanayan at konsepto.
	Linangin	
	Ilangkop	
Paglalapad (Assimilation)	Isaisip	Ang bahaging ito ay maghahatid sa mag-aaral sa proseso ng pagpapakita ng mga idea, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga upang makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kaniyang kaalaman sa pagbibigay ng epektibong repleksiyon, pag-uugnay, o paggamit sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na magbibigay sa kaniya ng pagkakataong pagsama-samahin ang mga bago at dating natutuhan.
	Tayahin	

Ang modyul na ito ay nagtataglay ng mga pangunahing impormasyon at gabay sa pag-unawa ng mga Most Essential Learning Competencies (MELCs). Ang higit na pag-aaral ng mga nilalaman, konsepto at mga kasanayan ay maisasakatuparan sa tulong ng K to 12 Learning Materials at iba pang karagdagang kagamitan tulad ng Worktext at Textbook na ipagkakaloob ng mga paaralan at/o mga Sangay ng Kagawaran ng Edukasyon. Magagamit din ang iba pang mga paraan ng paghahatid ng kaalaman tulad ng Radio-based at TV-based Instructions o RBI at TVI.

Mga Kagamitan sa Pagsusukat

Aralin

I

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang: natatalakay ang mga kaalaman at kasanayan sa pagsusukat at nakikilala ang mga kagamitan sa pagsusukat.

Ang pagsusukat ay isang paraan upang malaman ang tamang sukat ng isang bagay. Mahalaga na matutunan natin ang tiyak na laki, haba at kapal ng isang disenyo o proyekto lalo na sa paggawa ng mga bagay na nais natin. Halimbawa, ang pagbuo ng plano ng bahay, gusali, pamilihan, pagguhit ng larawan, paggawa ng mga muwebles tulad ng mesa, upuan, kabinet, paggawa ng bintana, pinto at marami pang iba.

May iba't ibang kasangkapang panukat ayon sa kapal, lapad, at haba ng isang bagay. Mayroon ding ginagamit sa mga guhit at linya, mga gamit na panukat sa arko o digri ng isang guhit.

Halina't basahin natin ang isang maikling kuwento ni Kai-kai, ang batang karpintero!

“Tay! Tay! hali kayo rito, napakaganda ng nagawang drowing ni Papay Jef, siguro po ay maganda din ang magiging itsura nito pag ito’y nagawa na gamit ang kahoy”, buong pagmamalaking balita ni Kai-kai. “Tama ka Kai-kai, lalo na kung ito’y may tamang sukat gamit ang mga kagamitan sa pagsusukat”, manghang banggit ng tatay habang tinitingnan ang drowing ni Papay Jef.


“Wow Tay!, ito po ba yung mga ginagamit ninyo sa pagsukat sa paggawa ng lamesa nung nakaraang linggo?”, tanong ni Kai-kai, “Oo anak” sagot ng kaniyang tatay.

“Gusto mo bang malaman kung anu-ano ito?” sambit ng kanyang tatay habang may kinukuhang tsart sa likod ng pintuan.


“Narito ang ilang kagamitan sa pagsusukat at ang gamit nito”.


Mga Kasangkapang Panukat

Protraktor- Ito ay ginagamit sa pagkuha ng digri kapag ikaw ay gumagawa ng mga anggulo sa iginuguhit na mga linya.




Ruler at Triangle- Ang ruler at triangle naman ay ginagamit sa pagsusukat ng mga linya sa pagdodrawingat iba pang maliliit na gawain na nangangailangan ng sukat.






Zigzag Rule- Ito ay kasangkapang yari sa kahoy o metal na ang haba ay umaabot ng anim na piye, at panukat ng mahabang bagay. Halimbawa, pagsusukat ng haba at lapad ng bintana, pintuan at iba pa.




Pull-Push Rule-Ito ay yari sa metal at awtomatiko na may haba na dalawampu't limang (25) pulgada hanggang isang daang (100) talampakan. Ang kasangkapang ito ay may iskala sa magkabilang tabi. Ang isa ay nasa pulgada at ang isa ay nasa metro.



Iskuwalang Asero- Ito ay ginagamit sa pagsusukat sa malalaki at malalapad na gilid ng isang bagay. Halimbawa, gilid ng kahoy, lapad ng tela, lapad ng mesa, at iba pa.



Tape Measure- Ang kasangkapang ito ay ginagamit sa pagsusukat ng mga mananahi. Ito ay ginagamit nila sa pagsusukat ng mga bahagi ng katawan kapag tayo ay nagpapatahi ng damit, pantalon, palda, barong, gown, atbp.



T-Square- Ito ay ginagamit sa pagsusukat ng mahabang linya kapag nagdodrawing. Ginagamit din ito na gabay sa pagguhit ng mga linya sa mga drowing na gagawin.



Meter Stick- Ito ay karaniwan ng ginagamit ng mga mananahi, sa pagsusukat para sa paggawa ng pattern at kapag nagpuputol ng tela.

‘Napakadami po palang kagamitan sa pagsusukat ‘tay, gusto ko pong makilala at magamit ang bawat isa’, tuwang-tuwang sabi ni Kai-kai.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Tukuyin ang mga sumusunod na kagamitan na maaring gamiting panukat ni Kai-kai ayon sa tsart na ipinakita ng kanyang tatay sa kwento. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. pagsusukat ng mga bahagi ng katawan
- _____ 2. pabilog na hugis ng isang bagay
- _____ 3. taas ng pinto
- _____ 4. kapantay ng ibabaw na bahagi ng mesa
- _____ 5. laki at distansiya sa pagitan ng dalawang bagay
- _____ 6. pagsusukat para sa paggawa ng pattern
- _____ 7. mahabang linya sa pagdodrawing
- _____ 8. pagsusukat ng maliliit na bagay

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Naranasan mo na bang gumamit ng mga kasangkapang panukat na makikita sa pahina 1-2? Alin sa mga ito ang kilala mo na at alam ang kaniyang gamit? Tukuyin kung anong kasangkapang panukat ito at isalaysay ang iyong karanasan isulat ito sa iyong sagutang papel.

KAGAMITAN NG PANUKAT	KASANGKAPANG PANUKAT
1. Ginagamit sa pagsusukat ng laki at distansiya sa pagitan ng dalawang bagay.	
2. Ginagamit sa pagsukat ng mahabang linya kapag gumuguhit.	
3. Ito ay ginagamit sa pagsusukat ng mga linya sa drawing at iba pang maliliit na gawain na nangangailan ng sukat.	
4. Ang kasangkapang ito ay ginagamit sa pagkuha ng mga digri kapag ikaw ay gumagawa ng mga anggulo sa iguguhit na mga linya.	
5. Ito ay ginagamit sa pagsusukat para sa paggawa ng pattern at kapag nagpuputol ng tela.	

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Basahin ang katanungan, isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Pagkatapos mong malaman ang mga kagamitang panukat, maaari mo bang isulat ang mga kagamitang natandaan mo?

2. Bakit mahalagang matutuhan ang paggamit ng mga kagamitang panukat?

3. Makatutulong ba ito sa pang araw-araw nating pamumuhay? Sa papaanong paraan?



Tingnan ang mga kagamitang panukat na mayroon sa inyong tahanan. Magpatulong sa magulang o kasama sa bahay na makakatulong sayo sa paggamit nito. Ilahad ang inyong karanasan tungkol sa paggamit ng mga kagamitang ito. Itala din ang mga mahahalagang dulot ng mga panukat na inyong nasubukang gamitin. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Mga Pamamaraan ng Pagsusukat

Aralin

I

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang: (a) nakikilala ang dalawang pamamaraan ng pagsukat; (b) nagagamit ang dalawang pamamaraan ng pagsusukat sa mga gawaing pang-industriya; (c) napapahalagahan ang tamang paggamit ng dalawang pamamaraan ng pagsusukat.

May dalawang sistema ng pagsusukat, ito ay ang sistemang ingles at sistemang metrik. Ang bawat sistema ay may iba't ibang yunit na ginagamit. Bawat yunit ng Sistemang Ingles ay may katumbas na sukat sa Sistemang Metrik.

Ang dalawang Sistema ng pagsusukat at pamamaraan nito ay mahalaga upang may batayan sa pagkuha ng sukat at ang yunit na ginagamit lalo na kung ito ay may kaukulang bayad, mahalaga din na angkop na matutunan ang dalawang uri ng pagsusukat lalo na sa gawaing pang industriyal tulad ng paggawa ng mga gamit sa bahay, pagplano ng pagtatayo ng gusali, paguhit, atbp. Halimbawa ay sa pagbili ng kahoy sa *hardware*, anong uri naman kaya ng pagsusukat ang ginagamit ng tindera upang malaman ang babayaran ng mamimili?

Pag-aralan ang dalawang pamamaraan sa pagsusukat.

Sistemang Ingles

12 pulgada = 1 piye o talampakan
3 piye = 1 yarda

Sistemang Metrik

10 millimetro = 1 sentimetro
10 sentimetro = 1 desimetro
10 desimetro = 1 metro
100 sentimetro = 1 metro
1000 metro = 1 kilometro

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Lumikha ng guhit gamit ang ruler ayon sa sumusunod na sukat. Gawin ito sa short bond paper. (1 ½ pulgada)

1. 2 pulgada
2. 2 ½ sentimetro
3. 20 millimetro
4. 3 ½ sentimetro

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Basahin at isulat ang tamang sagot sa iyong sagutang papel.


- Ibigay ang katumbas na sukat ng: 36 pulgada=_____ piye
a.3 b. 2 c. 5 d. 4
- Ibigay ang katumbas na sukat ng: 9 piye=_____yarda
a.5 b. 2 c. 3 d. 4
- Araw-araw si Rianna ay naglalakad papunta sa kanilang paaralan mula sa kanilang bahay. Sa (30) tatlumpong minuto niyang paglalakad ay nakaabot na siya sa kalahating kilometro. Mayroon pa siyang (1) isang oras para makaabot siya sa kaniyang paaralan. Ilang kilometro pa ang lalakaran ni Rianna para makaabot siya sa kaniyang paaralan?
a.1 kilometro b. 3 kilometro c. 4 kilometro d. 6 kilometro
- Ilang sentimetro ang mayroon sa isang metro?
a.1000 sentimetro c. sentimetro
b. 100 sentimetro d. 10 sentimetro
- Ilang piye mayroon ang 12 pulgada?
a.1 piye b. 12 piye c. 3 piye d. 2 piye

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Kumuha ng isang malinis na papel at gumuhit ng isang bagay na nais mo (bag, laruan, *accessories*, atbp.). Lagyan ito ng sukat gamit ang yunit mula sa Sistemang Ingles o Sistemang Metrik. Huwag kalimutan ang pagsulat ng tamang yunit ng sukat.

Ihanda ang mga materyales:

- Ruler, triangle, protraktor
- lapis, short bond paper
- pambura
- pangkulay
- Tingnan ang halimbawa sa ibaba, gamitin ang parehas na template.

	
PANGALAN:	GAWAIN #:
BAITANG AT PANGKAT:	PETA:

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Suriin ang iyong sarili. Lagyan ng tsek (✓) kung ito’y isinagawa at ekis (x) kung hindi. Kopyahin at isulat ang sagot sa kahon na katapat ng bawat bilang sa iyong sagutang papel.

Pamantayan	Kasanayan
1. Naihanda ko ba ang mga kagamitan sa pagguhit?	
2. Naipapamalas ko ba ang kalinisan sa pagguhit?	
3. Nalalaman ko ba ang mga sukat sa aking ginuguhit?	
4. Nalalaman ko ba ang kaibahan ng sistemang Ingles sa sistemang Metrik?	
5. Natapos ko ba ng may kasiyahan ang aking pagguhit at paggamit ng tamang yunit sa pagsusukat?	

Gawain sa Pagkatuto Bilang 5: Gamit ang iyong ruler sukatin ang mga bagay na makikita mo sa inyong tahanan na katulad ng makikita sa ibaba. Isulat ang sukat gamit ang tamang yunit sa patlang katabi ng larawan. Kopyahin at iguhit ang mga sumusunod na bagay sa iyong sagutang papel, ikahon ang may pinakamaiksing sukat at bilugan naman ang pinakamalaki.



_____ sentimetro



_____ desimetro




_____ sentimetro



_____ pulgada



_____ metro



_____ yarda

A

Basahin at sagutin ang mga katanungan, isulat ito sa iyong sagutang papel.

1. Ano ang dalawang sistemang ginagamit sa pagsusukat?

2. Paano nagiging mahalaga ang iyong kaalaman sa dalawang sistema ng pagsusukat? Magbigay ng sitwasyon na nagpapakita ng kahalagahan nito. Halimbawa kapag bibili ng gamit sa bahay, pag-aari, o paggawa ng proyekto.

3. Mahalaga ba ang tamang paggamit ng dalawang pamamaraan ng pagsusukat? Bakit?

Ang Pagleletra

Aralin

I


Ang pagleletra ay malayang ginagawa upang makabuo ng mga letra at numero sa pamamagitan ng kamay. May iba't ibang uri ng letra. Sa bawat uri nito ay may iba't ibang disenyo at gamit. Alam ba ninyo na kung pagyayamanin ang inyong kaalaman sa pagleletra ay maaari itong pagmulan ng kabuhayan? Tingnan ang kalagayan ng takbo ng negosyo ngayon. Marami ang naglalabasang magagandang disenyo ng mga kainan, mga produkto, kahit serbisyo. Nakita na ba ninyo ang usong-usong mga disenyo sa facebook o kahit saang bahagi ng social media ngayon ay matatagpuan ang sikat na sikat na “calligraphy”? Tingnan ang halimbawa sa ibaba.

Ito ay hango lamang din sa mga pangunahing disenyo ng pagleletra, ngunit tingnan ninyo ngayon kung paano ito napagkakakitaan. Makikita ito sa maraming produkto katulad ng t-shirt, mga baso, picture frame, maging sa mga kainan. Gamit din sa paggawa ng mga imbitasyon, paggawa ng proyekto, at sa mga kasal ay patok na patok din. Makikita din ito sa mga pangalan ng establisyemento, pamilihan, at iba pang mga gusali. Ito ay dahil sa malikhaing isip ng mga tao na mula sa mga pangunahing mga istilo ng letra upang makilala ang isang produkto o serbisyo katulad ng mga negosyo, paaralan, pasyalan at iba pa.

Sa araling ito ay inaasahang naisasagawa ang pagleletra.

Ating alamin ang mga **Uri ng Letra** at pansinin ang kanilang mga pagkakaiba, saan natin ito maaring makita o madalas gamitin.

- **GOTHIC**- ito ang pinakasimpleng uri ng letra at ginagamit sa mga ordinaryong disenyo. Madalas itong gamitin dahil ito ay simple lamang, walang palamuti o dekorasyon, at ang mga bahagi ay magkakatulad ng kapal. Tingnan ang halimbawa sa ibaba.



- **ROMAN**- ito ang may pinakamakapal na bahagi ng letra. Ito ay ginagawang kahawig sa mga sulating Europeo. Tingnan ang halimbawa sa ibaba

Aa Bb Cc Dd Ee Ff Gg Hh Ii Jj Kk Ll Mm Nn Oo Pp
Qq Rr Ss Tt Uu Vv Ww Xx Yy Zz

Aa Bb Cc Dd Ee Ff Gg Hh Ii Jj Kk Ll Mm Nn Oo Pp Qq Rr Ss Tt Uu Vv Ww Xx Yy Zz

- **SCRIPT-** ginagamit ito noong unang panahon sa Kanlurang Europa, ito ang ginagamit ng mga Aleman. Tinatawag din itong “Old English”. Tingnan ang halimbawa sa ibaba.
- **TEXT-** ito ang letrang pinakamaraming palamuti. Ginagamit ito sa paggawa ng sertipiko at diploma. Tingnan ang halimbawa sa ibaba.

*Aa Bb Cc Dd Ee Ff Gg Hh Ii Jj Kk Ll Mm Nn Oo Pp
Qq Rr Ss Tt Uu Vv Ww Xx Yy Zz*

**Aa Bb Cc Dd Ee Ff Gg Hh Ii Jj Kk Ll Mm Nn Oo
Pp Qq Rr Ss Tt Uu Vv Ww Xx Yy Zz**

Pantahanan at Pangkabuhayan-Ikaapat na Baitang
Kagamitan ng mga Mag-aaral -Industrial Arts, Binagong Edisyon 2019, pp 462-465.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Isipin ang mga hanapbuhay na matatagpuan sa inyong lugar na ginagamitan ng pagleletra. Itala ang mga ito sa iyong sagutang papel.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Isulat ang buong pangalan gamit ang iba't ibang uri ng letra (Gothic, Roman, Script, at Text). Gamitin ang template sa ibaba gamit ang long bond paper.

PANGALAN:	GAWAIN 2:
BAITANG AT PANGKAT:	PETSA:

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Alin ang pinakamakapal na uri ng letra?
 - a. Gothic b. Text c. Roman d. Script
- _____ 2. Alin ang ginagamit sa mga pagtititik sa mga sertipiko at diploma?
 - a. Gothic b. Text c. Roman d. Script
- _____ 3. Alin ang malayang ginagawa upang makabuo ng mga letra at numero sa pamamagitan ng kamay?
 - a. Pagleletra c. Paglilinya
 - b. Pagpipinta d. Pagsusukat
- _____ 4. Alin ang pinakasimpleng uri ng letra at ginagamit sa mga ordinaryong disenyo?
 - a. Gothic b. Text c. Roman d. Script
- _____ 5. Alin ang ginagamit sa pagleletra sa Kanlurang Europa noong unang panahon at kung minsan ay tinatawag na “Old English”?
 - a. Gothic b. Text c. Roman d. Script

A

Basahin ang mga tanong at isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano-ano ang mga uri ng Letra? Ibigay ang pagkakaiba nito.

2. Ano-ano ang mga hanapbuhay na maaari mong gawin mula sa pagleletra?

3. Ano ang pinakamahirap na gawin sa mga uri ng letra base sa iyong karanasan sa araling ito?

Pagbuo ng Ibat ibang Linya at Guhit

Aralin


I

Ang isang larawan o disenyo ay binubuo sa pamamagitan ng pagdurugtong-dugtong ng mga linya at guhit. Sa pamamagitan ng mga linya at guhit na ito, ang mga larawan o disenyo ay nagkakaroon ng hugis at nagiging kapaki-pakinabang na produkto.

Sa araling ito ay inaasahang naisasagawa ang tamang paraan sa pagbuo ng iba't ibang linya at pagguhit.

Alam mo ba na ang isang larawan ay binubuo ng iba't ibang uri ng linya o guhit. Ito ay tinatawag na alpabeto ng linya. May iba't ibang uri ng alpabeto ng linya. Halina't alamin natin.











Mga Alpabeto ng Linya



Sanggunian: <http://pilipinomirror.com/simpleng-design-na-maaaring-subukan-nang-sumaya-ang-isang-tahanan/>


D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Kilalanin ang mga linyang ito mula sa Alpabeto ng mga linya. Isulat sa ang angkop na ngalan nito sa iyong sagutang papel.

1. _____	
2. _____	
3. _____	
4. _____	
5. _____	
6. _____	
7. _____	
8. _____	
9. _____	
10. _____	

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Gumuhit ng larawan o bagay na makikita mula sa inyong tahanan gamit ang pinagsama-samang mga Alpabeto ng linya. Gamitin ang kaparehang template sa halimbawa.



PANGALAN:	GAWAIN #:
BAITANG AT PANGKAT:	PETA:

A

Basahin ang katanungan at isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. Ano-ano ang mga Alpabeto ng Linya?

2. Saan ginagamit ang mga Alpabeto ng Linya?

3. Bakit mahalaga sa isang larawan o drowing ang Alpabeto ng linya?

Mga Produktong Ginagamitan ng Basic Sketching, Shading at Outlining

WEEK

5

I

Aralin

Sa ating pang-araw-araw na gawain, may iba't ibang produkto tayo na ginagamitan ng shading, basic sketching, at outlining. Ang mga produktong ito ay iginuguhit muna bago gawin sa aktuwal nitong anyo tulad ng mga damit pangkasal, barong, uniporme, mga sapatos, mesa, upuan, kabinet, at iba pa. Ito ay isinasagawa upang maging gabay ng mga manggagawa sa pagbuo ng produkto at upang makuha ang totoong hugis at anyo nito.

Sa araling ito ay inaasahang natatalakay ang kahalagahan ng kaalaman at kasanayan sa "basic sketching", shading, outlining, mga hanapbuhay at produkto na pinaggagamitan nito.


Handa ka na bang matutunan at makagawa ng iba't ibang sketching?. Atin itong isa-isahin.

Basic sketching- Ito ang simple at dali-daling pagguhit gamit ang lapis at papel. Halimbawa ay kung may biglaang sumagi sa isip mo na disenyo ay maari mo itong iguhit gamit ang lapis at papel.

Basic shading- ginagawa ito sa pamamagitan ng pagkuskos ng lapis upang maging maitim o madilim ang bahaging hindi naaabot ng liwanag sa isang krokis.

Basic Outlining- ginagawa ito upang makita ang tunay na pigura o ang importanteng linya sa isang larawan.


Narito ang ilang halimbawa:



How to draw shape by Darlene Nguyen, <https://rapidfireart.com/2017/01/19/how-to-draw-different-eye-shapes/>


Mga Hanapbuhay na gumagamit ng shading, basic sketching, at outlining

1. **Portrait and Painting Shop**- ito ay isang uri ng negosyo na tumatanggap ng mga pagawa ng portrait at painting.
2. **Building Construction and Design**- ito ay uri ng negosyo na tumatanggap ng mga kontrata tungkol sa paggawa ng plano at pagdisenyo ng mga gusali at iba pang estruktura.



3. **Tailoring and Dressmaking Shop**- ito ay uri ng negosyo na gumagawa ng iba't ibang uri ng kasuotang pambabae at panlalaki.
4. **Furniture and Sash Shop**- ito ay uri ng negosyo na gumagawa ng iba't ibang uri ng mga kagamitan na yari sa kahoy. Halimbawa nito ay mesa, kabinet, pinto, at iba pa.
5. **Animation and Cartooning**- ito ay uri ng negosyo na tumatanggap ng mga kontrata sa paggawa ng mga animation at cartooning.
6. **Shoes and Bag company**- ito ay uri ng negosyo na gumagawa ng iba't ibang uri ng mga bag at sapatos.
7. **Printing Press**- Ito ay isang uri ng negosyo na gumagawa ng mga layout at nag-iimprenta ng mga magasin, dyaryo, libro, at iba pang mga babasahin.

Mga uri ng produkto na ginagamitan ng shading, basic sketching, at outlining



D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Tukuyin kung ang mga produkto o negosyo ay ginagamitan ng basic sketching, shading, at outlining, o hindi. Isulat ang **Oo** o **Hindi** sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. uniporme
- _____ 2. buko salad
- _____ 3. tarpaulin printing
- _____ 4. pagtatatoo sa katawan ng tao
- _____ 5. pagdidisenyo sa tasa
- _____ 6. pagtatayo ng pamilihan
- _____ 7. pagdidisenyo ng bagong sapatos
- _____ 8. pananahi ng mga damit
- _____ 9. pagguhit ng larawan sa isang aklat
- _____ 10. paggawa ng bahay

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Ano-ano pa ang ibang produkto na ginagamitan ng mga kasanayang basic sketching, shading, at outlining? Maaaring magtanong sa magulang o magpatulong sa kasamahan sa inyong tahanan. Itala ang mga sagot sa iyong sagutang papel.

1. _____
2. _____
3. _____
4. _____
5. _____

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Lagyan ng tsek (✓) ang mga sumusunod na hanapbuhay kung ito ay gumagamit ng shading, sketching, at outlining at ekis (x) naman kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. doktor
- _____ 2. artista
- _____ 3. pintor
- _____ 4. arkitekto
- _____ 5. computer encoder/programmer
- _____ 6. panadero
- _____ 7. sastre
- _____ 8. karpintero
- _____ 9. inhenyero
- _____ 10. ilustrador

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Basahin at isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong papel.

- _____ 1. Ang mga sumusunod ay mga uri ng produkto na ginagamitan ng basic sketching, shading, at outlining maliban sa isa.
 - a. planting
 - b. portrait
 - c. painting
 - d. landscape
- _____ 2. Ito ay uring negosyo na gumagawa ng iba't ibang uri ng mga kagamitan na yari sa kahoy.
 - a. Portrait and Painting shop
 - b. Animation and Cartooning
 - c. Building Construction and Design
 - d. Furniture and Sash Shop
- _____ 3. Anong uri ng negosyo ang gumagawa ng mga layout at nag-iimprenta ng mga magasin, diyaryo, libro, at iba pang babasahin?
 - a. Portrait and Painting shop
 - b. Printing Press
 - c. Animation and Cartooning
 - d. Furniture and Sash Shop
- _____ 4. Alin sa mga sumusunod ang hindi wasto ang pangungusap.
 - a. Ang Sining ay kasanayan upang maging libangan
 - b. Lahat ng tao ay may kakayahan sa sining kaya ito ay para sa lahat
 - c. Ang sining ay isang kasanayan at mapagkakakitaan din.
 - d. Kailangan sa sining ay may kahiligan sa kulay.
- _____ 5. Alin sa mga hanapbuhay ang hindi kasali sa gumagamit ng basic sketching, shading, at outlining.
 - a. Ilustrador
 - b. Tattoo Artist
 - c. Pintor
 - d. Tindera

A

Iguhit ang pangarap mong bahay gamit ang basic sketching. Gamitin ang template sa ibaba. Gumamit ng short bond paper sa paggawa.

PANGALAN:	GAWAIN 2:
BAITANG AT PANGKAT:	PETSA:

Mga Wastong Pamamaraan ng Basic Sketching, Shading, at Outlining

I

Aralin

Paano ba ang mga wastong pamamaraan ng basic sketching, shading, at outlining? Ang sketching ay nangangailangan ng pagsasanay sa paghawak ng lapis. Bago ang pagsasagawa ng shading, kailangan simulan ito ng mga ehersisyong pangkamay, at sa outlining naman ay nangangailangan ng matibay na paghawak sa lapis upang makabuo ng maayos na tabas ng mukha o anyo ng isang drawing.

Sa araling ito, ikaw ay inaasahang naisasagawa ang wastong pamamaraan ng basic sketching, shading at outlining.

May mga dapat tandaan at aralin sa pagsasagawa nito, ating alamin.

Mga dapat tandaan sa Basic Sketching

Una, magsanay sa paghawak ng lapis. Magkaiba ang paghawak ng lapis sa sketching sa pagsusulat. Laging hawakan ang lapis patayo sa direksyon ng linyang nais iguhit. Gumuhit mula sa balikat para makontrol ang paggalaw ng pulso. Pansinin o obserbahan ang mga kamay habang gumuguhit ng linya. Kailangan magkaroon ng focus.

Ito ang tatlong kasanayan ng basic sketching na ipinapakita sa larawan.

1. Mas mataas ang paghawak (**higher grip**)



2. Maayos na pulso (**fixed wrist**)




3. Patayo ang lapis sa pagguhit ng linya (**perpendicular**)



Outlining. Ang outlining ay isa ring pangangailangan sa pagguhit. Ito ay linya na nagsasaad ng simula at hangganan ng isang anyo. Ito ay linya na magtatabas ng mukha o anyo ng iyong drawing.

Shading. Bago ang pagsasagawa ng shading, kailangan simulan ito ng mga ehersisyong pangkamay. Madali lang naman gawin ang mga ito. Gumuhit ng iba't ibang hugis tulad ng bilog, parisukat, tatsulok o kahon.


Para lubos na maunawaan ang tungkol sa basic shading, basahin at alamin ang apat (4) nitong anyo.




1. Ito ang **stippling** o isang anyo ng shading na gumagamit ng maraming tuldok.



2. Ito ang **smudging**, isang anyo ng shading na mabilis isinasagawa na para bang gumagawa lang ng tsek paulit-ulit sa isang espasyo para kumapal at umitim.



3. Ito naman ang tinatawag na **scumbling**. Isang anyo ito ng shading na gumagamit ng maliliit na bilog.



4. Ito ang tinatawag na **crossing**. Ginagamitan ito ng mga linyang pahiga at patayo.

D






Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: Subukan mong gawin ang mga bagay na ito kung naunawaan mo ang ating talakayan tungkol sa basic sketching. Kumuha ng papel at subukang i-sketch ang iyong ilong. Maaari kang humarap sa salamin para mas tiyak ang iyong gagawing pagguhit.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Suriin ang iyong sarili. Lagyan ng tsek (✓) kung ito'y isinasagawa at ekis (x) kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Pamantayan	Kasanayan
1. Tama ba ang pagkakahawak ng lapis habang isinasagawa ang sketching?	
2. Nasunod ba ang mga panuntunan sa pagsasagawa?	
3. Ginamit ba ang tatlong panuntunan sa sketching?	
4. Maayos ba ang pagsasagawa ng sketch ng ilong?	

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Tingnan ng mabuti ang mga larawan, Alamin kung anong anyo nang shading ang ginamit. Isulat sa patlang ang iyong sagot. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

1.			4.		
2.			5.		
3.					

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Basahin ang mga sumusunod na pangungusap at unawain ito ng mabuti. Lagyan ng tsek(✓) ang patlang bago ang bilang kung dapat bang gawin at ekis (X) kung hindi dapat. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Sa basic sketching ay walang sinusunod na principles.
- _____ 2. Hawakan ang lapis kahit saang bahagi nito.
- _____ 3. Kung nais mong maging mahusay na mangguguhit kailangang gawin ang mga batayan sa basic sketching.
- _____ 4. Sa pagguhit ng linya dapat ay nasa paraang perpendicular.
- _____ 5. Ang pag-hawak ng lapis sa pag i-sketch ay tulad din ng pag-hawak kung ikaw ay magsusulat.

A

May paborito ka bang pagkain? Ano ito? Subukan natin muli ang iyong kakayahan. Sa katulad ng template sa ibaba iguhit ito. Isulat ang mga techniques o paraan kung paano mo ito nagawa ng tama.

PANGALAN:	GAWAIN 2:
BAITANG AT PANGKAT:	PETA:

Iba't Ibang Materyales na matatagpuan sa Pamayanan

Aralin

I

Ang ating bansa ay sagana sa materyales na mayroon sa mga pamayanan. Masasabing punong-puno ng sining ang ating bansa na lumilikha ng maraming produktong lokal at nagbibigay kabuhayan sa maraming Pilipino. Ilan dito ay mga bag, sapatos, kagamitan sa bahay, kasuotan at mga pang dekorasyon. Alamin natin ang mga materyales sa ating pamayanan.

Sa araling ito ay inaasahang nakagagawa ng sariling disenyo sa pagbuo o pagbabago ng produktong gawa sa kahoy, ceramics, karton, o lata (o mga materyales na nakukuha sa pamayanan).

Bawat materyales na makikita sa ating pamayanan ay may angkop na kagamitan at dapat alamin upang makagawa ng higit na maganda at matibay na proyekto. Ilan sa mga materyales ay matatagpuan sa pamayanan ay makikita sa tsart na ito, atin itong basahin at pag-aralan.

Materyales	Kagamitan
<p>1. Tabla at Kahoy</p>	<ul style="list-style-type: none"> • Tabla at Kahoy- Ang tabla at kahoy na nagmula sa mga puno tulad ng Molave, Narra, Yakal, Kamagong, Apitong, at iba pa. May iba't ibang sukat at lapad ang kahoy kaya't makapipili ng naaayon sa laki at anyo ng proyektong gagawin. Tiyakin lamang na ang uri ng kahoy na gagamitin ay tuyong-tuyo upang maiwasan ang pag-urong at madaling pagkabulok nito.

<p>2. Abaka</p>	<p>Ito ay isang uri ng halaman na nahahawig sa puno ng saging maliban sa mga dahon, dahil higit na malalapad ang dahon nito kaysa sa dahon ng saging. Ang lalawigan ng Davao ay kilala sa malawak na taniman ng abaka. Ang mga hibla nito na buhat sa puno ang siyang ginagamit sa paggawa ng mga basket, punasan ng paa, tsinelas, sinturon, mga palamuti, at iba pang kagamitang pambahay. Dahil matibay ito, kilala rin ang abaka sa paggawa ng lubid o pisi na ginagamit kahit na sa ibang bansa.</p>
<p>3. Niyog</p>	<p>Ito ay tinatawag ding “Puno ng Buhay” dahil sa ang bawat bahagi nito ay may sadyang gamit. Mula sa mga ugat hanggang sa mga dahon ay napapakinabangan. Mainam gawing gamot ang mga ugat nito at maaari ring gawing pangkulay. Ang mga hibla ng bunot ay ginagawang lubid, bag, at pahiran ng paa. Karaniwan ding ginagawa at ginagamit ang katawan ng puno ng niyog na haligi at sahig ng mga bahay at iba pang mga kagamitang pambahay.</p>
<p>4. Pandan</p>	<p>Ito ay karaniwang tumutubo sa gilid ng pampang kung saan ay mabuhangin o sa mga gilid ng bundok o malapit sa lawa o latian. Malalapad at mahahaba ang mga dahon nito na nahahawig sa dahon ng pinya. Mainam itong gamitin sa paggawa ng banig, sapin sa plato, sombrero, bag, tsinelas, tampipi, at iba pa. Masagana itong tumutubo sa mga lalawigan ng Laguna, Bicol, Visayas, at Mindanao</p>

<p>5. Buri</p>	<p>Ang buri ay isa sa pinakamalaking palmera na tumutubo sa bansang Pilipinas. Ang mga nagagawang hibla ng buri ay kinukuha sa mga murang dahon at ginagawang banig, tampipi, sombrero, pamaypay, bag, lubid, basket, at iba pa. Ginagawa ring walis, at basurahan ang buong palapanito. Ang buri ay itinatanim saan mang dako ng bansa.</p>
<p>6. Nito</p>	<p>Ito ay isang uri ng pako o fern na may mga dahon, ugat, at tangkay, ngunit walang bulaklak at buto. Mainam itong biyakin habang sariwa pa at saka ilubog sa putik nang tumibay at pumantay ang pagkaitim. Kung ito ay bibiyakin ng tuyo na, ilubog muna ito sa tubig upang mabawasan o maalis ang lutong at madaling mahubog o bigyan ng hugis. Ginagamit itong pantahi sa mga gilid ng bilao, basket, bag, at iba pang gamit na palamuti.</p>
<p>7. Nipa</p>	<p>Ito ay isang uri ng palmera na karaniwang tumutubo sa ilang lalawigan tulad ng Pampanga, Cebu, Cagayan, at Mindoro. Ito ay tumutubo sa mga tubigan. Ang mga mura at hindi pa buwang dahon ay tinitipon nang hiwalay at pantutuyo sa araw. Ginagamit ang mga ito sa paggawa ng mga kapote at pamaypay. Ang magugulang na dahon naman ay ginagamit na pang-atip ng bahay.</p>

<p>8. Rattan</p>	<p>Ang halamang ito’y tumutubo sa halos lahat ng lalawigan. Kilala sa tawag na yantok at ginagamit sa paggawa ng mga muwebles, bag, basket, duyan, at mga palamuti.</p>
<p>9. Damo</p>	<p>Kilala sa mga halamang damo na may halaga ang vetiver o tambo. Ang damong vetiver ay karaniwang tumutubo sa mga latian at pampang. Ang mga ugat ay inilulubog sa tubig sa loob ng 20 minuto at saka babayuhin upang maalis o matanggal ang balat. Ito’y ginagamit sa paggawa ng mga pamaypay dahil sa kaaya-aya ang amoy nito. Mainam gamitin ang damo sa paggawa ng mga walis.</p>
<p>10. Ceramics</p>	<p>Ang uri ng lupa na ginagamit sa mga produktong seramika ay luwad. Pino, malagkit, at ang kulay ay dilaw, pula, o abo.</p>
<p>11. Karton</p>	<p>Ang mga kahon ay ang pinaka-karaniwang <i>application</i> para sa karton. Ang mga halimbawa ng karton ay mga kahon ng sapatos, poster at laruan. Naghahain din ang karton bilang isang materyal sa pagbabalot upang protektahan ang mga kalakal.</p>

12. Lata

Ang lata ay may kulay na tila pilak, na madaling tunawin, at marupok na metal. Dahil mababa ang pagkakataon nitong makalason, ang mga metal na binalutan ng lata ay ginagamit din sa pagbabalot ng mga pagkain, gaya ng mga lata na karaniwan ding gawa sa aluminyo at asero o yero.

D

Gawain sa Pagkatuto Bilang 1: May kasibahan ngayon na “#LoveLocals” na nagpapakita ng pagsuporta sa mga produktong likha mismo ng mga Pilipino gamit ang mga materyales na nagmula mismo sa ating bansa halimbawa na ay ang mga abaka na bag mula sa Bicol, kuwintas na perlas mula sa Palawan, mga makukulay na parol mula sa Laguna, atbp . Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataong itaguyod ang gawang pinoy sa inyong lugar, ano ito at bakit? Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

E

Gawain sa Pagkatuto Bilang 2: Isulat ang letra ng tamang sagot sa iyong sagutang papel.

- _____ 1. Uri ng halaman na nahahawig sa puno ng saging sa ginagamit sa paggawa ng tsinelas, basket, at iba pa.
a. nipa b. abaka c. rattan d. lata
- _____ 2. Ang magugulang na dahon nito ay ginagamit sa pang-atip ng bahay.
a. abaka b. rattan c. nipa d. karton
- _____ 3. Kilala sa tawag na yantok at ginagamit sa paggawa ng mga muwebles.
a. abaka b. rattan c. ceramics d. buri
- _____ 4. Isang material na gamit sa pagbabalot upang protektahan ang mga kalakal.
a. niyog b. karton c. vetiver d. nipa
- _____ 5. Kilala sa tawag na “Puno ng Buhay” dahil sa mahalaga at nagagamit ang bawat bahagi nito.
a. niyog b. buri c. vetiver d. rattan

Gawain sa Pagkatuto Bilang 3: Anu-anong uri ng proyekto ang maaaring magawa sa mga sumusunod , isulat ang mga ito sa iyong sagutang papel:

- | | |
|------------|------------|
| 1. Pandan- | 6. Damo- |
| 2. Niyog- | 7. Nito- |
| 3. Abaka- | 8. Nipa- |
| 4. Rattan- | 9. Tabla |
| 5. Buri- | 10. Kahoy- |

Gawain sa Pagkatuto Bilang 4: Itala ang mga materyales na matatagpuan sa inyong pamayanan na maaaring gamitin sa paggawa ng mga proyekto. Gumawa ng talaan na maaari mong gawing proyekto. Gamitin ang template sa ibaba, gawin ito sa isang short bond paper.


MATERYALES	PROYEKTO


PANGALAN:	GAWAIN 2:
BAITANG AT PANGKAT:	PETA:

A

Bumuo ng isang proyekto mula sa mga materyales na matatagpuan sa inyong tahanan, halimbawa ay karton, lata, ceramics, at ang mga nabanggit sa aralin. Basahin ang mga batayan upang maging gabay sa gawaing ito. Ipakita ang iyong natapos na proyekto sa magulang o kapatid at hingin ang kanilang puna o suhestiyon pagkatapos ay ipasa ito sa iyong guro o maaaring ito ay kuhaan ng larawan sa short bond paper.

Mga Batayan	Katampatan
1. Wastong paggamit ng materyales	25%
2. Kalinisan ng natapos na proyekto	15%
3. Gamit o kapakinabangan ng proyekto	25%
4. Kabuuang anyo	20%
5. Pagkamalikhain	10%





Susi sa Pagwawasto

WEEK 1

Susi sa Pagwawasto
2

1. TAPE MEASURE
2. T-SQUARE
3. RULER AT TRIANGLE
4. PROTRAKTOR
5. METER STICK

Susi sa Pagwawasto
1

1. TAPE MEASURE
2. PROTRAKTOR
3. PULL-PUSH RULE
4. ISKWALANG ASERO
5. ZIG-ZAG RULE
6. METER-STICK
7. T-SQUARE
8. RULER AT TRIANGLE

WEEK 2

Susi sa Pagwawasto
2

1. A
2. C
3. A
4. B
5. A

WEEK 3

Susi sa Pagwawasto
3

1. C
2. B
3. A
4. A
5. D

WEEK 4

Susi sa Pagwawasto
1

1. BORDER LINE
2. CENTER LINE
3. SECTION LINE
4. DIMENSION LINE
5. LEADER LINE
6. REFERENCE LINE
7. BREAK LINE
8. VISIBLE LINE
9. EXTENSION LINE
10. INVISIBLE LINE

WEEK 5

Susi sa Pagwawasto
1

1. Oo
2. Hindi
3. Oo
4. Oo
5. Oo
6. Oo
7. Oo
8. Oo
9. Oo

Susi sa Pagwawasto
4

#4	#5
1. /	1. A
2. /	2. D
3. /	3. B
4. /	4. B
5. /	5. D
6. /	
7. /	
8. /	
9. /	
10. /	

WEEK 6

Susi sa Pagwawasto
3

1. SCRUMBLING
2. CROSSING
3. STIPPLING
4. SMUDGING
5. CROSSING

Susi sa Pagwawasto
4

1. X
2. X
3. /
4. /
5. X

WEEK 7-8

Susi sa Pagwawasto
2

1. B
2. C
3. B
4. B
5. A

PIVOT Assessment Card for Learners

Personal na Pagtatása sa Lebel ng Performans para sa Mag-aaral

Pumili ng isa sa mga simbolo sa ibaba na kakatawan sa iyong naging karanasan sa pagsasagawa ng mga gawain. Ilagay ito sa Hanay ng LP o Lebel ng Performans. Basahin ang deskripsiyon bilang gabay sa iyong pagpili.



- ★ -Nagawa ko nang mahusay. Hindi ako nahirapan sa pagsagawa nito. Higit na nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ✓ -Nagawa ko nang maayos. Nahirapan ako nang bahagya sa pagsasagawa nito. Nakatulong ang gawain upang matutuhan ko ang aralin.
- ? -Hindi ko nagawa o nahirapan ako nang labis sa pagsasagawa nito. Hindi ko naunawaan ang hinihingi sa gawain. Kailangan ko pa ng paglilinaw o dagdag kaalaman upang magawa ko ito nang maayos o mahusay.

Gawain sa Pagkatuto

Week 1	LP	Week 2	LP	Week 3	LP	Week 4	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	

Week 5	LP	Week 6	LP	Week 7	LP	Week 8	LP
Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1		Gawain sa Pagkatuto Blg. 1	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2		Gawain sa Pagkatuto Blg. 2	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3		Gawain sa Pagkatuto Blg. 3	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4		Gawain sa Pagkatuto Blg. 4	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5		Gawain sa Pagkatuto Blg. 5	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6		Gawain sa Pagkatuto Blg. 6	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7		Gawain sa Pagkatuto Blg. 7	
Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8		Gawain sa Pagkatuto Blg. 8	


Paalala: Magkaparehong sagot ang ilalagay sa LP o Lebel ng Performans sa mga gawaing nakatakda ng higit sa isang linggo o week. Halimbawa: Ang aralin ay para sa Weeks 1-2, lalagyan ang hanay ng Week 1 at Week 2 ng magkaparehong ★, ✓, ?.

Sanggunian

Department of Education. (2020). *K to 12 Most Essential Learning Competencies with Corresponding CG Codes*. Pasig City: Department of Education Curriculum and Instruction Strand.

Department of Education Region 4A CALABARZON. (2020). *PIVOT 4A Budget of Work in all Learning Areas in Key Stages 1-4: Version 2.0*. Cainta, Rizal: Department of Education Region 4A CALABARZON.

Department of Education. (2015). *Edukasyon Pantahanan at Pangkabuhayan 4: Kagamitan ng Mag-aaral*. Pasig City: Department of Education.



Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2, Karangalan Village, Cainta, Rizal

Landline: 02-8682-5773, locals 420/421

<https://tinyurl.com/Concerns-on-PIVOT4A-SLMs>

